# Tunay na ang pinakamapangilag magkasala sa inyo at ang pinakamaalam sa inyo kay Allāh ay ako."}

Ayon kay `Ā'ishah na Ina ng mga Mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag nag-utos siya sa kanila, ay nag-uutos sa kanila ng mga gawaing ayon sa nakakaya nila. Nagsabi sila: "Tunay na kami ay hindi gaya ng lagay mo, O Sugo ni Allāh. Tunay na si Allāh ay nagpatawad na sa iyo ng anumang nauna sa pagkakasala mo at anumang nahuli." Kaya nagagalit siya hanggang sa makilala ang galit sa mukha niya. Pagkatapos nagsasabi siya: "Tunay na ang pinakamapangilag magkasala sa inyo at ang pinakamaalam sa inyo kay Allāh ay ako."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Nagpapabatid ang Ina ng mga Mananampalataya na si `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag nag-utos siya sa mga tao ng isang gawain kabilang sa mga gawain, ay nag-uutos ng anumang dumadali sa kanila, hindi ng anumang humihirap, dala ng takot na mawalang-kakayahan sila sa pamamalagi roon at ng gawaing ayon sa katapat ng ipinag-uutos niya sa kanila na pagpapagaan subalit hiniling nila sa kanya ang pag-aatang ng anumang humihirap dahil sa paniniwala nila sa pangangailangan nila sa pagpapalabis sa gawain para sa pag-angat ng mga antas. Nagsabi sila: "Tunay na kami ay walang kalagayang gaya ng kalagayan mo, O Sugo ni Allāh. Tunay na si Allāh ay nagpatawad na sa iyo ng anumang nauna sa pagkakasala mo at anumang nahuli." Kaya nagagalit siya hanggang sa makilala ang galit sa mukha niya. Pagkatapos nagsasabi siya: "Tunay na ang pinakamapangilag magkasala sa inyo at ang pinakamaalam sa inyo kay Allāh ay ako kaya gawin ninyo ang ipinag-utos ko sa inyo."



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee